# Kabanata 5: ANTIPOLO

MAAGANG GUMISING SI Iska. Hindi siya nagising sa tunog ng *alarm clock*. Nagising siya dahil sa isang bangungot. Malinaw ang bangungot niya. Walang malay ang kaniyang pamilya at ang lahat ay nakasabit sa isang napakalaking puno. Nakalaylay na ang ulo nila Mommy Jo, Tiya Oyang, at Tita Ela. Ganoon din si Lola Da. Halos hindi na niya makilala ang apat dahil sa kulubot na balat ng mga ito. Naging puti rin ang buhok nila.

Ipinagsawalang-bahala ni Iska ang panaginip. Sabi, kabaliktaran raw ang mga panaginip. Sa totoo lang, iniisip niya pa rin kung totoo si Kiko na nakita niya kahapon o baka guniguni niya lang. Gusto niyang tanungin ang Lola Da niya kung totoo bang may nuno sa kanilang bahay. Kaya lang, mukhang siya lang ang tao sa bahay. Wala ang mga kasama niya.

*Wala pa rin palang talab ang scented candles sa panaginip. Baka talaga kailangan pa ni Jane ng practice sa paggawa*. Bumulong na lang si Iska sa sarili.

Pagpunta niya sa kusina, sinalubong siya ng isang hapag na puno ng pagkain. Inalis ni Iska ang takip ng pagkaing nasa mesa. Pagbukas niya, naglaway agad siya sa mainit na sinangag. Katabi nito ang mangkok na may pritong itlog. Nakahain din ang suman na ibos na isa sa mga paborito niyang pagkain. *The best* pa rin talaga ang luto ni Lola Da. Ilang beses na niyang sinubukang magbawas ng timbang pero malabo yatang mangyari.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 72 11/20/2024 8:06:41 AM

Kaya lang, nasaan na nga ba ang mga kasama niya? Hindi man lang nagbilin.

Wala na siyang ibang mahihiling pa sa pamilya. Teka, meron pa pala. Tatay na lang. Ang sabi lang ni Mommy Jo, anak si Iska sa pagkadalaga. Umalis din ang kaniyang tatay sa Antipolo at hindi na nagparamdam pang muli. Iyong mga nasa telenobela na biglang nang-iiwan ang ama, nangyayari pala talaga sa totoong buhay.

Hindi niya naman na inusisa iyon. Alam niyang sapat na ang pagmamahal ng pamilya niya sa kaniya. May mga araw lang talagang naghahanap siya ng tatay. Lalo na sa ganitong panahon. Hindi niya maintindihan si Joshua. Bakit? Ano bang mayroon sa utak ng lalaki. Biglang nang-iiwan. Mahilig makipaglaro sa damdamin.

Huminga na lang nang malalim si Iska.

Naninibago si Iska. Hindi siya sanay nang walang paramdam si Joshua. Wala siyang magawa kundi magmuni-muni. Hindi niya na muna binuksan ang StalkMe *profile* niya. Kanina pa siya nagpipigil ng lungkot. Kapag malungkot pala ang tao, lahat ng bagay—kahit gaano kaliit—mapapansin. Isa sa mga napansin niya ay ang simpleng buhay nila sa Antipolo. Mula pagkabata, dito na siya lumaki.

Noong bata siya, naaalala niya kung paano siyang laging pinapapauwi ng bahay ng Lola Dada niya bago mag-alas-sais. Hindi siya si Cinderella, pero kailangan niyang maging alerto at umuwi agad. Kapag sumipol na si Lola Da, kailangang umuwi na siya sa bahay. Kailangan na niyang maglinis ng katawan, kumain, at maghanda sa pagtulog.

Bago matulog, lagi siyang kinukuwentuhan ni Lola Da. Mas madalas kasi siyang matulog sa tabi nito dahil sa mga kuwento nito. Dahil sa lola niya, nahilig din siyang magbasa. Isa sa pinakapaborito niyang kuwento ni Lola ay ang tungkol sa Bakunawa.

Sabi ng lola niya, noon raw, pinaniniwalaang pito ang buwan. Napakaganda ng buwan sa paningin ng Bakunawa, kaya isa-isa niya itong kinain. Napansin ng mga tao na unti-unting nawawala ang buwan. Kaya naman, kumilos sila. Itinaboy nila ang Bakunawa gamit ang ingay mula sa kampana at iba pang mga paingay. Nilakasan din nila ang sigaw upang ipagtabuyan ang Bakunawa. Nagising si Bathala at nakitang isa na lang ang buwan sa mga nilikha niya. Mula noon, palaging nag-iingay ang mamamayan tuwing may eklipse upang hindi na muling makain pa ang buwan. Dahil sa kuwentong ito, lalong nagandahan si Iska sa buwan.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 73 11/20/2024 8:06:42 AM

Bukod sa pag-aasikaso sa bahay, at sa pagkukuwento kay Iska, si Lola Dada rin ay mahilig mag-alaga ng mga halaman. Lahat ng itinanim niya ay tumutubo at lumalaki. Hitik ang bunga o bulaklak. Nagtatanim din siya ng mga halamang gamot na siya namang ginagamit niya tuwing may sakit ang pamilya. Siguro, kung nakapag-aral lang ito noon, naging doktor ito.

May napakalaking puno ng tipolo sa bakuran nila. Hitik sa dahon at matataba ang sanga ng punong ito. Ang sabi ng kaniyang lola dahil ito sa matabang lupa at malinis na tubig na siyang napagtaniman ng punong iyon. Puwedeng mag-date sa lilim ng puno na iyon. Kaya lang, wala na pala siyang ka-date.

Napakalaki ng puno pero hindi naman ito nakakatakot. Dito pa nga siya madalas tumambay tuwing hapon. Saka, hindi naman bago kay Iska ang puno ng tipolo. Marami talaga nito sa bayan nila. Sa katunayan, ang salitang Antipolo ay nagmula sa tipolo.

Ang dami niya nang naisip. Wala naman siyang ibang magawa. Walang kasama si Iska sa bahay. *Bored* na siya. Ayaw niya namang lumabas dahil wala siyang gana. Wala ang Mommy Jo niya. Umalis din ang Lola Da, at ang kaniyang Tita Ela. Si Tiya Oyang hindi naman laging nagsasabi kung saan pumupunta.

Binuksan ni Iska ang telebisyon. Una niyang nakita sa *screen* ang *Exclusive News*.

"*Exclusive!* Kampana sa Antipolo, nawawala! Ayon sa kura paroko ng simbahan, huling namataan ang kampana, kahapon, ikalima ng Mayo. Kinabukasan, napansin ng mga guwardiya na hindi tumunog ang kampana ng ikaanim ng umaga. Hindi nakita sa CCTV ang *suspect* ng naturang pagnanakaw. Umaasa ang mga parokyano na maibabalik ang kampana. Nananawagan ang opisyales ng simbahan sa lahat na tulungan sila sa paghahanap nito."

Parang may kung anong kurot sa puso ni Iska nang marinig ang balita. Kampana. Pamilyar sa kaniya ang kampanang iyon. Ilang ulit niya na itong nakita sa panaginip noong bata siya.

Ipinakita sa telebisyon ang *footage* ng simbahan sa Antipolo. Sa balita, nananawagan din ang kura paroko na siyang naging *recollection master* nila. Nahagip din sa balita ang ilang maninimba. Nakita rin niya ang *gate* ng *school* nila na nasa likod lang ng simbahan.

"Siguradong nawiwindang na sila *Father* ngayon," sabi ni Iska sa sarili.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 74 11/20/2024 8:06:42 AM

Inilipat ni Iska ang *channel*. Agad namang lumabas sa *screen* ng TV ang isang *weather report*.

"Inaasahang magiging maulan sa mga susunod na araw sa NCR at Rizal. Pinaghahanda rin ang lahat sa posibleng *landslide,* lalo na sa matataas na lugar."

*Bad trip* si Iska. *Bad news* na naman.

"Mula nang nag-birthday ako, parang wala nang magandang nangyari," sabi ni Iska. Isang buntong-hininga na naman ang pinakawalan niya. Gusto niya na talagang lumabas pero walang maiiwan sa bahay. Papagalitan pa siya sigurado.

Binigyan niya ng isa pang pagkakataon ang sarili para matuwa sa palabas sa telebisyon. Pagkalipat niya ng *channel*, isang *trivia show* naman ang kaniyang napanood.

"Alam n'yo ba? Sa susunod na Linggo, inaasahang makikita ang eklipse sa Pilipinas. Bihira lamang mangyari ang ganito kalapit at katagal na eklipse sa bansa. Huli itong nangyari, isandaang taon na ang nakalilipas. Kaya naman ang mga *moon enthusiast* ay abalang-abala na sa bihirang pagkakataon na makikita ito sa bansa."

Sa lahat ng balita, ito ang pinakamagandang narinig niya. Sobrang *fan* siya ng buwan at tuwing may *full moon*, madalas siyang tumitingin dito. Pinapagalitan nga siya ni Lola. Naalala niya na naman ang paalala ni Lola na tuwing kabilugan ng buwan, pinapapasok siya agad sa bahay.

Habang nakahiga sa *sofa* nila sa sala, nagpadala si Iska ng *pictures* kay Jane sa StalkMe *profile* nito. Ipinadala niya ang *pictures* noong *birthday* niya. Kinumusta siya ni Jane, at siyempre, kailangang sabihin ni Iska na okay lang siya. Ipinadala ni Jane ang ilang larawan ng mga tanim niyang bulaklak at halaman sa bahay nila. Nakakatawa nga dahil magkatapat lang naman sila ng bahay pero hindi pa sila magkita.

Habang nagkikipag-chat kay Jane si Iska, may narinig siyang bumagsak. Sa pagkakarinig niya, mukhang may isang mabigat na bagay ang bumagsak sa bubong nila. Hindi nasira ang bubong pero may kung anong nagpakaba ng isip niya dahil sa lakas ng pagkabagsak ng bagay na iyon. Parang bola ng *basketball* na bumagsak sa bubungan nila.

Agad lumabas si Iska. Dumiretso siya sa harapan ng bahay at tiningnan kung ano ang bagay na bumagsak sa kanilang bubong. Wala siyang makitang kahit ano na naiwan sa bubong. Umatras pa siya sa hardin ng kaniyang lola upang makita sa malayo ang bubungan nila, subalit wala talagang kahit ano. Wala ring tao sa labas ng bahay nila na maaaring pagtanungan.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 75 11/20/2024 8:06:42 AM

Matapos tanawin ang bubong, ininspeksiyon ni Iska ang hardin kung may kakaibang bagay ba ang nalaglag dito. Tiningnan niya kung posible bang bumagsak ang bato o kung anumang bagay sa hardin. Wala ring kahit anong kahina-hinala. Hindi rin naman nabuksan ang *gate* nila.

Imposibleng may bumato sa kanila.

Nagpakitang-muli kay Iska si Kiko. Takbo ito nang takbo paroon at parito sa hardin. Ginulat ni Iska ang maliit na nilalang at binati.

"Kung makatakbo ka, parang nabagsakan ka naman ng kung ano," sabi ni Iska.

Tumigil si Kiko sa pagtakbo. "Magandang umaga pala, *bestie*," bati pa nito. Suot pa rin niya ang mahabang sumbrero na doble ang laki sa kaniya. "Nagsisimula nang dumating ang iba't ibang nilalang, *bestie*! Handa ka na ba?"

"Nagsisimula? Nilalang? Ano?" tanong ni Iska kay Kiko na tila ba matagal niya nang kaibigan ang maliit na nilalang na ito.

"Wala ka ba talagang alam?" sagot ni Kiko.

"Wala nga." Napaatras si Iska sa pagkainis. Hindi naman niya tanda na may kaaway siya.

Nagmasid rin si Kiko sa paligid ng bahay nina Iska. Wala namang kahina-hinala pero gaya ni Iska, narinig niya rin ang malakas na kalabog sa bubong. Alam niyang ito na ang isa sa panakot ng mga nilalang na natatakot kay Iska. "May pananakot lang na nagaganap sa labas ng bahay ninyo ngayong dalaga ka na. Kaya 'yang kuwintas mo, 'wag mong aalisin!"

"Ano pa? Kiko?" Nag-uusisa pa rin si Iska pero hindi sumagot si Kiko. Napakunot ng noo si Kiko. Hindi pa rin pala alam ni Iska ang mga nangyayari mula noong nag-birthday siya. Bago pa man magpaliwanag si Kiko, biglang bumukas ang *gate* nina Iska.

Pumasok sa *gate* ang isang napakatandang bersiyon nina Lola Da, Mommy Jo, Tiya Oyang at Tita Ela. Bakas sa mukha nila ang pagod na akala mo ay galing sa isang matinding giyera o laban. Bumilis ang tibok ng puso ni Iska. Hindi siya masaya sa nakikita.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 76 11/20/2024 8:06:42 AM